**SO WHAT** What is the relevance of the Word to my life?

- Anong mga katangian ni Maria ang sa tingin mo'y dapat nating gayahin?
- Sa palagay mo, bakit mahalagang paniwalaan at sundin ang Salita ng Diyos?
- Ano ang mga dahilan kung bakit minsan ay mahirap sundin ang Salita ng Diyos?

**NOW WHAT** How do I apply the Word to my life?

- Anong mga pangako sa Salita ng Diyos ang maaari mong panghawakan kapag ikaw ay mananalangin (2 Corinto 1:18-20; Salmo 145:13)?
- Ano ang sinasaad sa Bibliya tungkol sa mga katangian ng Salita ng Diyos (Salmo 19:7-11; 1 Pedro 1:23-25)? Paano nito napapalakas ang iyong pananampalataya?
- Ano ang sinasabi ng Bibliya na dapat nating tugon sa Salita ng Diyos (Santiago 1:22-25; Salmo 119:66-71; 1 Tesalonica 2:13)? Galing sa listahang ito, ano ang pupwede mong simulang palaguin sa iyong buhay?

## PRAYER

- Manalangin na ang pabor ng Diyos ay pumalibot sa iyo at sa mga miyembro ng iyong *Victory group* (Salmo 5:12).
- Hilingin ang presensiya ng Banal na Espiritu na bigyan ka ng lakas sa pang-araw-araw mo na paglalakbay kasama ang Diyos.
- Ipagdasal ang iyong mga kaibigan at mahal sa buhay na pangunahan sila ng pabor, kabaitan, at pag-ibig ng Diyos tungo sa pagsisisi (Roma 2:4; 2 Pedro 3:9).

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

Karapatang Pag-aari © 2012
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

FILIPINO




# Maniwala
Week 1

**NOTES**

## CONNECT

- Anong kamangha-manghang balita o impormasyon ang narinig kamakailan lang na mahirap paniwalaan? Bakit mahirap itong paniwalaan?
- Sino ang isang taong pinagkakatiwalaan mo kapag siya ay nagsalita? Bakit?
- Sino ang paborito mong tauhan sa Bibliya? Bakit?

## WORD

**Sumagot si Maria, "Alipin po ako ng Panginoon, Mangyari nawa sa akin ang mga sinabi n'yo." . . .**

**Lucas 1:38**
**(Basahin rin ang Lucas 1:26-38.)**

## WHAT
What does the Bible say?

Si Maria ay bata, mahirap, at babae—tatlong katangian na sa lipunan noon ay hindi pupwedeng gamitin ng Diyos. Ngunit pinili si Maria ng Diyos dahil sa kanyang simple at natatanging pagsunod sa Kanyang kalooban. Tingnan natin kung papaano ginamit ng Diyos si Maria at kung papaano rin Niya tayo gagamitin sa ating henerasyon sa pagtugon natin kay Kristo nang may pananampalataya.

- **Ang pabor ng Diyos ay ibinigay sa atin sa pamamagitan ni Kristo.**
  *Sinabi ni Gabriel kay Maria, "Matuwa ka, Maria, ikaw na pinagpala ng Diyos. Sumasaiyo ang Panginoon."*

  Lucas 1:28

  Si Maria ay pinaboran ng Diyos. Pinili Niya siyang dalhin si Jesus dahil sa Kanyang grasya at hindi dahil sa kahit na anong merito na mayroon siya. Sinasabi sa Kasulatan na si Maria ay tumanggap ng grasya ng Diyos; hindi siya ang pinaggagalingan ng grasya. Tulad nito, sa kaninong merito tayo pinili ng Diyos upang maging mga anak Niya (Tito 3:4-7; Efeso 2:8,9; 2 Corinto 6:1,2)?

  ________________________________________

- **Ang Espiritu ng Diyos ay sumasaatin kapag tinanggap natin si Kristo**
  *Sumagot ang anghel, "Sasaiyo ang Banal na Espiritu at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataas-taasang Diyos. . . ."*

  Lucas 1:35

  Ang salitang 'lililiman' ay nangangahulugan ng pagpuno ng kaluwalhatian ng Diyos sa isang lugar o isang tao. Ang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ang nagbigay-daan upang magkaroon ng anak si Maria sa hindi pangkaraniwang paraan. Ang himala ng birheng kapanganakan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ay nangangahulugan na sa simula pa lang, walang bahid ng kasalanan si Jesus. Kapag isinuko natin ang ating mga buhay kay Kristo, dumarating ang Banal na Espiritu at nagbubunga sa atin ng panibagong buhay na nakalaan sa Diyos. Ano ang naging tugon ni Maria na maaari nating sundin upang makatanggap ng kapangyarihan ng Diyos sa ating buhay?

  ________________________________________

- **Natutupad ang Salita ng Diyos sa pagtiwala natin kay Kristo.**
  [37]*Sapagkat walang imposible sa Diyos."* [38]*Sumagot si Maria, "Alipin po ako ng Panginoon. Mangyari nawa sa akin ng mga sinabi n'yo." At iniwan siya ng anghel.*

  Lucas 1:37,38

  Si Maria ay mapagpakumbabang sumuko sa inihayag ng anghel na si Gabriel. Ang kanyang ganap na pagsunod sa Salita ng Diyos ay nakita nang tinanggap niya ang kaganapan ng kalooban ng Diyos para sa kanyang buhay. Papaano tayo dapat na tumugon kapag nabasa natin o narinig ang Salita ng Diyos? Ano ang maaari nating asahang mangyari kapag ginawa natin ito?

  ________________________________________